TAMPAKAN COPPER–GOLD PROJECT
BENEPISYONG PANG-EKONOMIYA

Nakapaloob sa pinaplanong Tampakan Copper-Gold Project ng Sagittarius Mines, Inc. (SMI) ang isa sa pinakamalaking hindi pa naminimang deposito ng tanso at ginto sa buong mundo. Ang SMI ay kontratista ng Pamahalaan ng Pilipinas sa bisa ng isang Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA).

Bilang isang Pilipinong kumpanya na may paninindigang naaayon sa pinakamataas na mga pamantayan ng sustainable development, natapos na ng SMI ang mga pag-aaral bilang bahagi ng Environmental Impact Assessment (EIA) na isinagawa ng mga local specialists at international experts.

Ang mine Environmental Impact Statement (EIS) ay inihanda alinsunod sa batas ng Pilipinas, at inihahayag nito ang resulta ng mga pag-aaral na bahagi ng EIA. Ang EIS ay kinakailangan sa aplikasyon ng Environmental Compliance Certificate (ECC) para sa Tampakan Mine Project. Maliban sa EIS, isinagawa rin ng SMI ang Environmental and Social Impact Assessment (ESIA) sa tulong ng mga international experts upang maipakita na ang mga pag-aaral tungkol sa mga potensyal na environmental at sosyal na epekto ng minahan ay isinagawa alinsunod sa international standards.

Masusi naming inimbestigahan ang mga pamamaraan upang mapagaan ang mga potensyal na epekto ng Tampakan Project. Ginamit namin ang mga impormasyong ito sa pagbuo ng disenyo at planong naaayon sa pamantayan ng aming major shareholder, ang Xstrata, isang global mining group na kilala bilang sector leader sa larangan ng corporate responsibility.

Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa aming stakeholders, ang Tampakan Project ay may potensyal na makapagdulot ng makatotohanang pag-unlad sa sosyal at pang-ekonomiyang kalagayan para sa mga mamamayan ng southern Mindanao at Pilipinas.

Kung matutuloy, ang Tampakan Project ay makalilikha ng mga benepisyong pang-ekonomiya na magpapaunlad sa lokal, rehiyunal at nasyunal na ekonomiya.

Makikipagtulungan din ang SMI sa mga ahensya ng gobyerno upang magkaroon ng makatarungan at balanseng distribusyon ng mga benepisyo buhat sa Tampakan Project. Sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga pagsasanay at pagbibigay trabaho sa mga lokal na residente, pagsuporta sa lokal na negosyo at pagpapatupad ng mga programa para sa komunidad, layunin ng SMI na mapagbuti ang mga benepisyong dulot ng Tampakan Project.

SAKLAW NG PROYEKTO

Kung matutuloy ang Tampakan Project, ito ang magiging pinakamalaking minahan sa Pilipinas at mapapabilang sa mga pinakamalalaking minahan ng tanso sa mundo. Humigit-kumulang sa 10,000 hectares ang lawak ng pinaplanong minahan. Ito ay matatagpuan sa pagitan ng mga bayan ng Tampakan at Kiblawan sa southern Mindanao.

Ang laki ng Tampakan Project ay nangangahulugang magiging malaki rin ang benepisyo nito sa ekonomiya.

Ayon sa isang external economic study bilang bahagi ng EIA, tinatayang ang Tampakan Project ay may potensyal na lumikha ng karagdagang PhP134 bilyon[1] (average) sa gross domestic product (GDP) ng Pilipinas bawat taon magmula sa konstruksyon hanggang sa kabuuan ng operasyon. Ito ay katumbas ng karagdagang 1% sa taunang GDP ng bansa.

DIREKTANG BENEPISYO SA EKONOMIYA

Ayon sa pag-aaral, ang mga pangunahing direktang benepisyo ng Tampakan Project sa bansa ay ang mga sumusunod:

- Kita ng pamahalaan (nasyunal at lokal) sa pamamagitan ng buwis at bayarin na humigit-kumulang sa PhP307 bilyon[2] (nominal) sa loob ng 20 taong operasyon ng Tampakan Project
- Royalty at direktang kontribusyon na mahigit sa PhP39.8 bilyon[3] (nominal) para sa mga lokal na komunidad at lokal na grupo ng mga katutubo sa kabuuan ng operasyon ng Tampakan Project
- Pagkakataon para sa humigit-kumulang 10,000 manggagawa sa yugto ng konstruksyon at 2,000 sa panahon ng operasyon
- Pagkuha ng serbisyo ng mga lokal na kontratista na makapagbibigay ng karagdagang trabaho.



Kotribusyon sa Philippine Gross Domestic Product

KARAGDAGANG BENEPISYO SA EKONOMIYA

Ang Tampakan Project ay maaaring makapagbibigay ng mahalagang pagkakataon tungo sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng ekonomiya sa southern Mindanao. Marami sa mga karagdagang benepisyong magmumula sa yugto ng konstruksyon at operasyon ng minahan ay maaaring lumago at magtuluy-tuloy kahit tapos na ang pagmimina.

Kabilang sa mga mahahalagang karagdagang benepisyo ang mga sumusunod:

- Pagpapaunlad sa kasanayan ng mga manggagawa at pagpapalawak ng kanilang oportunidad na makapagtrabaho sa loob o labas ng bansa
- Mga programang pangkabuhayan na makakatulong para sa tuluy-tuloy na pagsigla ng kalakalan sa rehiyon
- Pagpapasigla sa lokal na ekonomiya, at karagdagang pangangailangan sa mga suportang serbisyo, paggawa, kapital at materyales, na resulta ng mga pangangailangan ng Tampakan Project sa yugto ng konstruksyon at operasyon ng minahan
- Pagkakaroon ng karagdagang pangangailangan para sa utility sector at transportasyon na lilikha ng karagdagang trabaho
- Ang potensyal ng pinaplanong power station sa Malalag na maaaring magbigay ng sobrang kuryente sa Mindanao grid
- Pagpapasigla sa iba pang sektor kagaya ng agrikultura at manufacturing.

MGA BENEPISYO NG TAMPAKAN PROJECT

Kung matutuloy ito, ang Tampakan Project ay maaaring:

- Maging huwaran para sa isang responsableng operasyon ng modernong pagmimina sa Pilipinas
- Makapagdulot ng mas magandang kinabukasan sa mga mamamayan ng southern Mindanao
- Makapagbigay ng pangmatagalang benepisyo sa ekonomiya ng mga apektadong barangay at rehiyon
- Makakatulong sa ekonomiya ng bansa.

KINALALAGYAN NG TAMPAKAN COPPER-GOLD PROJECT



MGA KADALASANG KATANUNGAN

Matitiyak ba ninyong makukuha ng komunidad ang kanilang makatarungang parte sa benepisyo ng Tampakan Project?

Ayon sa pang-ekonomiyang pag-aaral na isinagawa bilang bahagi ng EIA, ang Tampakan Project ay maaaring makapagdagdag ng 10.4% sa gross regional domestic product ng regions 11 at 12 bawat taon mula sa konstruksyon hanggang sa katapusan ng operasyon ng minahan.

Ang kabuuang buwis at royalty na ibabayad sa apektadong komunidad at lokal na gobyeno ay hihigit sa PhP96 billion (nominal) sa kabuuang operasyon ng Tampakan Project. Ang buwis na ibabayad sa mga lokal na gobyerno ay makakatulong para sa edukasyon, kalusugan, kalsada at iba pang mahalagang imprastruktura at mga serbisyo ng gobyerno para sa kasalukuyan at susunod na henerasyon.

Makikipagtulungan din ang SMI sa mga kaugnay na ahensya ng gobyerno upang pagsikapang magkaroon ng makatarungan at balanseng distribusyon ng mga benepisyo buhat sa Tampakan Project.

Nakakatulong ba ang Tampakan Project sa lokal na ekonomiya sa kasalukuyan?

Bagamat hindi pa naaaprubahan ang Tampakan Project, nakapagdudulot na ito ng benepisyo sa host communities at mga kalapit lugar sa pamamagitan ng pagbibigay ng trabaho, pagsuporta sa lokal na negosyo at pagkuha ng lokal na serbisyo, mga buwis at iba pang bayarin sa gobyerno, at mga proyekto para sa kaunlaran. Noong 2010, gumastos ang SMI ng humigit-kumulang PhP2.5 billion[4] sa lokal na ekonomiya. Kasama na dito ang PhP135 million[5] para sa Corporate Social Involvement Program o mga programang pangkomunidad gaya ng edukasyon, pangkalusugan at kabuhayan.

Ano ang karapatan ng mga katutubo?

Ayon sa Indigenous Peoples Rights Act, ang mga grupo ng katutubong tradisyunal na nagmamay-ari ng lupa na napapaloob sa pinaplanong minahan ay may karapatan sa royalty bilang pagkilala sa kanilang mga karapatan sa mga likas na yaman sa kanilang lupain.

Karaniwang kinukwenta ang royalty bilang porsyento ng taunang benta ng produkto ng minahan.

Kami ay naninindigan na tiyaking maipamahagi ang royalty sa patas at balanseng pamamaraan. Magkakaroon din ng karagdagang benepisyo ang mga apektadong komunidad sa pamamagitan ng programang resettlement, kung saan maaaring magkaroon ng kapalit na tirahan at kabuhayan.

Aling mga rehiyon at lokal na pamahalaan ang makakatanggap ng mga direktang benepisyong pang-ekonomiya?

Hindi pa nalalaman ang eksaktong pamamahagi ng mga direktang benepisyo sa mga lokal na pamahalaan. Ito'y sapagkat hindi pa saklaw ng kasalukuyang mga regulasyon ang mga proyektong kasinglaki ng Tampakan Project. Kinakailangan pang i-resolba ang mga hangganan o boundaries ng mga lokal na pamahalaan. Sa pamamagitan ng ibayong pag-uusap, naniniwala kaming maaabot ang patas at balanseng hatian ng mga benepisyong pang-ekonomiya.

MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Bago masimulan ang konstruksyon, kailangan ng SMI ang pahintulot mula sa pamahalaan, lokal na komunidad at shareholders nito.

Upang maisakatuparan ang Tampakan Project, kailangan naming patuloy na makipagtulungan sa aming stakeholders. Ipagpapatuloy namin ang bukas na pakikipag-usap at konsultasyon, lalo na sa mga mayroong pag-aalala at katanungan tungkol sa aming pinaplanong pagmimina.

Ang mga komento ay isasaalang-alang sa paggawa ng plano upang matiyak na ang Tampakan Project ay maaaring maging modelo ng responsableng operasyon ng malakihan at modernong pagmimina sa Pilipinas, kasama ang pagpapatupad ng international standards sa resettlement, konsultasyon sa mga katutubo at EIA.

[1]USD2.8 bilyon. [2]USD6.4 bilyon. [3]USD830 milyon. (Base sa exchange rate na USD1 = PhP48). Disclaimer: Ang laman nitong dokumento ay wasto base sa pagkaka-alam ng SMI, sa oras ng paglimbag nito (May 2011).

External Relations Unit
Sagittarius Mines, Inc. (SMI)
02 8563021 (Makati)
083 5548414 (General Santos)
Email: externalrelations@smi.com.ph | www.smi.com.ph